

hanggang sa mabayaran nang buo ang principal at interes, ngunit, kung hindi mababayaran nang mas maaga, ang huling pagbabayad para sa principal at interes ay dapat bayaran sa takdang ika-_____ (na) araw ng _____, _____, ang kasalukuyan o pinatagal na Petsa ng Pag-mature.

3. Kung pagsapit ng Petsa ng Pag-mature ay mayroon pa ring hindi nababayaran halaga ang Borrower sa ilalim ng Tala at ng Dokumentong Security ayon sa mga pagbabagong ginawa sa Kasunduang ito, babayaran ng Borrower ang mga halagang ito sa Petsa ng Pag-mature.
4. Nauunawaan at sinasang-ayunan ng Borrower na
 - (a) Ang lahat ng karapatan, remedyo, pag-aatas, at kundisyon na sinasaklaw ng Dokumentong Security kaugnay ng hindi pagbabayad ng mga bayarin sa ilalim ng Dokumentong Security ay malalapat din sa hindi pagbabayad ng mga bayaring nabago sa Kasunduang ito.
 - (b) May bisa at mananatiling may bisa ang lahat ng panata, kasunduan, pag-aatas, at kundisyon sa Tala at sa Dokumentong Security, maliban sa mga bahaging binago sa dokumentong ito, at hindi mababawasan o maaalis ng anumang probisyon dito ang anuman sa mga obligasyon o pananagutan ng Borrower sa ilalim ng Tala at ng Dokumentong Security, at hindi rin mapipigilan, mababawasan, o maaapektuhan ng Kasunduang ito sa anumang paraan ang anuman sa mga karapatan o remedyo na mayroon ang Lender sa Tala at sa Dokumentong Security, mag-ugat man ang gayong mga karapatan o remedyo roon o sa pamamagitan ng batas. Gayundin, tahasang nakalaan sa Lender ang lahat ng karapatan sa pag-aatas na magbayad na mayroon ang Lender para sa anumang ari-arian o laban sa sinumang iba pang taong may obligasyon o pananagutan sa ilalim ng Tala at ng Dokumentong Security.
 - (c) Walang anumang bahagi ng Kasunduang ito ang dapat intindihin o isipin bilang pagsasawalang-bisa o pagtupad ng obligasyon sa Tala at sa Dokumentong Security o sa anumang bahagi ng mga ito.
 - (d) Ang lahat ng nagastos ng Lender kaugnay ng Kasunduang ito, kabilang ang mga bayarin sa pagtatala, pagsusuri sa titulo, at bayarin sa abugado, ay babayaran ng Borrower at poprotektahan sa ilalim ng Dokumentong Security, maliban kung isinaad ng Lender ang kabaliktaran.
 - (e) Sumasang-ayon ang Borrower na gumawa at magbigay ng iba pang dokumento o papeles na maaaring kinakailangan o iniaatas upang maipatupad ang mga tuntunin at kundisyon ng Kasunduang ito, na kung aaprubahan at tatanggapin ng Lender, ay ipapataw at magtatali sa mga tagapagmana, tagapagpatupad, tagapamahala, at taong itinalaga ng Borrower.

(Selyo)
-Lender

(Selyo)
-Borrower

Inihanda ni/ng: _____

(Selyo)
-Borrower

Petsa ng Paglagda ng Lender

_____ [Ang Espasyo sa Iba ng Linyang Ito ay para sa Mga Pagkumpirma] _____